# THE NAVIGATOR

# TAKE 10

## Pag-iwas sa Mga Banggaan

**1 Parating magmasid**

Sa higit sa 50% sa mga kaso ng banggaan, ang isa o parehong mga sasakyang pandagat ang hindi nakita ang isa't isa bago huli na ang lahat - madalas sa pangyayari na malinaw ang tanawin!

**2 Nasa mata ang halaga**

Sa kabila ng pagkakaroon ng mga modernong elektronikong mga kagamitan, ang pagtatanaw at karanasan ay napakainam para makaiwas sa banggaan - ang huwag kalimutan ang pagtingin sa likod ng bapor.

**3 Susi ang karanasan**

Ang pag-aalam sa mga tuntunin ng dinadaanan ay napakahalaga. Gayunman, ang paggamit ng mga ito nang wasto at parati ay nangangailangan ng lubos na karanasan. Parating subukan na matuto mula sa bawat karanasan; makipagtulungan kasama ng iba para maibahagi ang inyong karanasan at talakayin ang mga aksidente (iyong sa inyo at sa iba) bilang isang pangkat sa mga pagpupulong na nagpapaliwanag tungkol sa kaligtasan.

**4 Walang perpekto**

Ang mga tao (kabilang na ang mga nabigante) ay hindi 100% hindi nagkakamali. Kung kailan magagamit, pakinabangan ang dagdag na suporta. Gumamit ng mga tagabantay kung naaangkop at tawagin ang Master kapag may pagdududa.

**5 Mga propesyonal na tagabantay**

Ang mga tagabantay ay mga propesyonal na marino at maaaring maligtas ang isang barko mula sa sakuna. Pakitunguhan ang mga ito nang may propesyonal na paggalang, hikayatin sila na tingnan ang radar at kumpirmahin ang lahat ng mga ulat.

**6 Ilagay ang sarili sa situwasyon ng iba**

Ang paggalang at paglalagay sa inyong sarili sa posisyon ng kabilang sasakyang pandagat ay kadalasang, nagagawang makaiwas sa panganib ng pangyayari ng banggaan.

**7 Maging depensibo**

Huwag kailanman ipalagay na ang isang 'nagpapadaan' na sasakyang pandagat ay makikita kayo, kumilos ayon sa Colregs, o ibahagi ang inyong pagkakaunawa sa 'ligtas na layo'. At huwag kailanman ipalagay na ang 'stand on' (sasakyang pandagat patuloy sa daan at tulin) ay nakikita kayo, mananatiii sa kanilang dinadaanan at tulin o ibahagi ang inyong pag-uunawa sa 'ligtas na layo'.

**8 Ang lahat ng mga magagamit na pamamaraan!**

Hinihiling mula sa inyo ng Colregs na gamitin ang 'lahat ng magagamit na mga pamamaraan' para matiyak ang panganib ng banggaan. Kabilang na dito ang inyong sariling pandama, maraming mapagpipiliang mga elektronikong kagamitan, at suporta sa baybaying dagat kung kailan mayroong magagamit. Gamitin ang lahat ng mga ito, at gamitin ang inyong imahinasyon.

**9 Lumayo mula sa mabilis na daanan**

Ang pagbabawas ng tulin ay isang napakahalagang taktika para bawasan ang panganib ng pagbabangga, sa parehong tiyak na aksidente at karaniwan sa mga siksikan na bahagi ng dagat Tiyakin na kilala ninyo kung paano ang reaksyon ng inyong sasakyang pandagat sa pagpapabagal ng tulin at hikayatin ang iba na mag-ingat sa bisa nito.

**10 Maagang magplano**

Ang panganib ng pagkakabangga ay madalas na mauunahan habang isinasagawa ang pagpaplano sa pagdaan. Baguhin ang plano para bawasan ang mga nasabing panganib at/o tiyakin na may sapat na mga tauhan ang handa sa mga lugar na mapanganib, at ang barko ay may ligtas na tulin.




Read all issues of *The Navigator* for free
**www.nautinst.org/thenavigator**

Google play | Download on the App Store | Available on kindle fire

The Nautical Institute

in association with

STEAMSHIP MUTUAL